ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo
Tomo XLIX Blg. 15
Agosto 7, 2018
www.philippinerevolution.info



EDITORYAL

# Itakwil ang bulok na alyansang Duterte-Arroyo-Marcos

Tahasang konsolidasyon ng bulok na alyansang Duterte-Arroyo-Marcos—ito ang pangunahing layunin sa pag-agaw ni Arroyo sa liderato ng Mababang Kapulungan nitong Hulyo 23. Sa suporta ni Arroyo at ng mga Marcos, inaasahan ni Duterte na mailulusot na ang kanyang iskemang baguhin ang konstitusyon at bigyang daan ang plano niyang solohin ang poder at palawigin ang kanyang kapangyarihan.

Lantaran nang nagsama-sama ang pinakakinamumuhiang mga kinatawan ng pasistang kalupitan at burukratang kapitalistang korapsyon. Sila ang imahe ng pinakamalulupit na kabanata sa kasaysayan ng Pilipinas. Sa ilalim ng kanilang bulok na alyansa, asahang lalong sasahol ang pang-aapi at pagpapahirap sa sambayanang Pilipino.

Mula't sapul, kabilang si Arroyo sa pangunahing sumusuporta kay Duterte. Sa Mababang Kapulungan, ang blokeng tapat kay Arroyo ang isa sa pinakamalaking bumubuo ng "supermayorya." Malaki ang kanyang papel sa pagratsada ng bagong mga batas tulad ng TRAIN Law. Buung-buo ring sinuportahan si Duterte ng kanyang bloke sa Korte Suprema, kabilang ang pagpalusot sa ligalidad ng batas militar sa Mindanao at sa kasong *quo warranto* laban kay Chief Justice Ma. Lourdes Sereno.

Kapalit nito, tiniyak ni Duterte ang suporta ni Arroyo. Hinirang niyang upisyal sa gabinete ang pinakamatatapat na heneral ni Arroyo tulad ni Hermogenes Esperon at iba pa. Pagkaupong-pagkaupo, kaagad niyang inutos ang pagbasura sa mga kasong pandarambong at ang pagpapalaya kay Arroyo mula sa limang taong detensyon. Tinugis ni Duterte si Leila de Li-

... sundan sa pahina 2

## 2 riple, nasamsam ng BHB-Masbate

ISANG RIPLENG M16 at isang M14 ang nakumpiska ng BHB-Masbate mula sa inilunsad nitong ambus laban sa 2nd IB at CAFGU na nag-ooperasyon sa Sityo Mangga, Barangay Mactan, Cawayan, Masbate. Kumbinasyon ng mga riple at *command-detonated* na mga eksplosibo ang ginamit sa opensibang isinagawa noong Agosto 3, alas-8:30 ng umaga. Nakasamsam din ang mga Pulang mandirigma ng mga magasin at bala, at iba pang gamit-militar. Labing-isa ang patay at tatlo ang sugatan sa mga sundalo.

**Bukidnon.** Hindi bababa sa walo ang patay at 25 ang sugatan sa 1st Special Forces Battalion

... sundan sa pahina 3

"Editoryal...," mula sa pahina 1

ma, na noong kalihim ng Department of Justice sa ilalim ng rehimeng Aquino ay nagsampa ng kaso, nagpaaresto at nagpakulong kay Arroyo. Nitong Mayo, pinayagan ng Sandiganbayan ang asawa ni Gloria na si Mike Arroyo na makalabas ng bansa. Marami ang naniniwalang para ito maisaayos ng huli ang kanilang nakaw na yamang nakalagak sa dayuhang mga bangko.

Ang pag-angat ni Arroyo sa liderato ng Mababang Kapulungan ay patunay na malaki pa rin ang hawak niyang kayamanan at kapangyarihan. Bagaman hindi "supermayorya," umabot sa 184 o 67% ng mga dumalong kongresista ang bumoto kay Arroyo. Kabilang dito ang mga kongresistang binusog niya noon sa *pork barrel* at sinisilaw ngayon ng pangakong ibabalik niya ang *pork barrel* sa Kongreso.

Habang mahigpit na magkakaalyado at sumusuporta kay Duterte, may sari-sariling ambisyon at plano sina Arroyo at Marcos para palakasin ang kanilang kapangyarihan sa pulitika. Mayroon silang planong nagtutugma at nagtutunggali. Bagaman sumusuporta kay Duterte, may sariling kapangyarihan si Arroyo. Marami ang naniniwalang may sarili rin siyang imbing mga pakana. Patunay lamang ito ng lalim at tindi ng krisis ng naghaharing sistema. Nakatanim ang binhi ng matinding bangayan sa loob ng bulok na alyansa ng mga kapangyarihang nag-uunahan sa limitadong rekurso at pwesto sa reaksyunaryong estado.

Sa tahasang pagkokonsolida ni Duterte ng alyansa sa mga Marcos at Arroyo, lalo pa siyang nahihiwalay sa mamamayang Pilipino. Lalong lumawak at nakonsolida ang nagkakaisang prenteng anti-Duterte. Hindi limot ng mamamayan ang malulubhang krimen ng korapsyon, pandarambong, ekstrahudisyal na mga pagpatay, pampulitikang panunupil at malawakang abusong militar at pulis na dinanas nila sa ilalim ng diktadurang Marcos at mga rehimeng Arroyo at Duterte. Dahil dito, lalo silang determinado na isulong ang pakikibaka para wakasan ang paghahari ni Duterte at ibagsak ang bulok na alyansang Duterte-Arroyo-Marcos.

Habang minamadali ni Duterte na mairatsada ang kanyang ambisyong maging diktador, tumitindi rin ang paglaban ng mamamayan. Ipinakita nila ito nang puu-puong libo ang nagprotesta sa lansangan sa okasyon ng ikatlong State of the Nation Address ni Duterte noong Hulyo 23. Patunay din nito ang lumalakas na mga pagkilos at paglaban ng mga manggagawa sa buong bansa para isulong ang kanilang hinihinging umento sa sahod at pagwawakas sa kontraktwalisasyon. Ang marahas na pagsupil ng estado sa kanilang paglaban ay hindi magpapatahimik, kundi lalupang magpapatindi sa kanilang determinasyong lumaban.

Sa kanayunan, kabi-kabila ang mga pagkilos ng mga magsasaka at pambansang minorya para ipagtanggol ang kanilang karapatan sa lupa at kabuhayan. Hindi sila nananahimik sa harap ng matitinding operasyong militar at mga abusong militar. Sama-sama silang nagpuprotesta laban sa presensya at pang-aabuso ng mga sundalo sa mga baryo at komunidad.

Sa buong bansa, puspusang isinusulong ng rebolusyonaryong kilusan ang armadong paglaban. Naglulunsd ang iba't ibang yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) ng mga taktikal na opensiba at iba pang armadong aksyon. Maging sa Mindanao, kung saan nakakonsentra ang operasyon ng Armed Forces of the Philippines, patuloy na sumusulong ang papalalim at papalawak na pakikidigmang gerilya.

Sa kabila ng pinatinding atake ng rehimeng Duterte, bigo itong abutin ang layuning gapiin ang BHB. Katunayan, itinigil na ng mga upisyal militar nito ang hungkag na pagmamayabang na magagapi nito ang BHB sa katapusan ng taon. Itinigil na rin nila ang katawa-tawang pakanang lokal na usapang pangkapayapaan. Wala silang patunay kundi ang pwersahang iparada ang mga magsasaka at palabasing sila'y mga "surenderi."

Ang pag-angat ng alyansang Duterte-Arroyo-Marcos ay lalong pumupukaw sa mamamayan na magsulong ng demokratikong rebolusyong bayan at wakasan ang maka-uring diktadura ng malalaking asendero at malalaking burgesyang kumprador. Lalong nahihikayat ang mamamayan na sumapi sa BHB para magsulong ng armadong pakikibaka at itatag ang tunay na demokratikong gubyerno na kakatawan at maglilingkod sa interes ng sambayanan. AB

ANG Bayan

Tomo XLIX Blg. 15 | Agosto 7, 2018

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

instagram.com/sine.proletaryo

@prwc_info

fb.com/groups/cppinformationbureau

cppinformationbureau@gmail.com

## Nilalaman

**Editoryal**: Itakwil ang bulok na alyansang Duterte-Arroyo-Marcos 1

Mga opensiba ng BHB 1

Pamana ni Gloria Arroyo 3

Kalagayan ng mamamayang Moro 5

Gubyernong bayan sa Negros 6

Piket sa NutriAsia, binuwag 7

Alice Guillermo, 80 7

Saan galing ang yaman ni Campos? 8

United People's SONA 9

Mga protesta 10

Berdugo ng Davao Oriental 11

Mga paglabag sa karapatan 12

Dam sa Ilocos, tinutulan 13

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

# Bulok at duguang pamana ni Arroyo

Noong Hulyo 23, inagaw ni Gloria Macapagal-Arroyo, lubos na kinamumuhiang dating presidente ng Republika ng Pilipinas, ang liderato ng Kongreso. Pinatunayan ng pagbabalik niya sa pinakamataas na sirkulo ng reaksyunaryong gubyerno na nananatiling buo at malakas ang kanyang kapangyarihan at impluwensya. Ang gayong poder ni Arroyo ay ipinundar niya sa siyam na taon ng korapsyon at marahas na pagdanak ng dugo.

**Mahabang salaysay ng korapsyon**

Gaya ng mga Marcos, nagkamal si Arroyo ng bilyun-bilyong piso mula sa pandarambong sa pondo ng bayan. Mula 2001 hanggang 2010, tuwiran at di tuwirang nasangkot si Arroyo sa kaliwa't kanang mga anomalya at kaso ng korapsyon, pagtanggap ng suhol at panunuhol, pandaraya sa eleksyon, paggamit ng *pork barrel* kapalit ng suporta sa pulitika at maraming iba pa.

Daan-daang milyong piso ang pinaniniwalaang tinanggap na suhol ni Arroyo at kanyang mga upisyal sa tinaguriang "NBN-ZTE Deal," isang $329.5-milyong kontrata para itayo ang National Broadband Network (NBN) na ibinigay sa Zhong Xing Telecommunication Equipment Company Limited (ZTE), isang kumpanyang Tsino.

Naiulat na aabot sa $14 milyon ang suhol na tuwirang tinanggap ni Arroyo at ng kanyang mga alipures sa pagpirma sa $470-milyong kontrata sa Industrias Metalurgicas Pescarmona Sociedad Anonima (IMPSA), isang kumpanyang Argentine, para sa pagpapaayos ng isang *hydroelectric plant* sa Laguna. Ang kasunduan ay pinasok ni Arroyo apat na araw pa lamang siyang nakaupo sa Malacañang.

Nasangkot rin si Arroyo sa iligal na paggamit sa P366-milyong *intelligence funds* ng Philippine Charity Sweepstakes Office (PCSO). Nalantad rin ang "Fertilizer Fund Scam" o ang pagmanipula ni Arroyo sa P726 bilyong pondong pang-abono sa ilalim ng programang "Ginintuang Masagana Ani" para gamitin sa pagtakbo bilang pangulo noong eleksyong 2004.

Sa taya ng grupong IBON noong 2008, aabot sa P7.3 bilyon ang kabuuang halaga ng mga proyekto ng gubyerno na minanipula ni Arroyo at kanyang mga galamay. Katumbas na ito ng isang taong gastusin ng 16,500 pamilya sa loob ng isang taon.

Noong 2005, tumambad sa publiko ang kontrobersyang "Hello Garci," ang pakikipag-usap ni Arroyo sa noo'y upisyal ng Comelec na si Virgilio Garcillano upang tiyakin na ang botohan sa Lanao ay magbibigay sa kanya ng isang milyong botong lamang sa kalaban niya

*... sundan sa pahina 4*

---

*"2 HPR...," mula sa pahina 1*

(SFB) resulta ng limang aksyong militar ng BHB-Bukidnon mula Hulyo 10-31 sa mga bayan ng Baungon at Pangantucan. Tatlong sundalo ang nasugatan, kabilang si Sgt. Arnel Chico sa operasyong haras ng BHB noong Hulyo 30 sa detatsment ng 1st SFB sa Barangay Mendez, Pangantucan.

Sa bayan ng Quezon, inatake rin ng BHB-Bukidnon ang 12th Scout Ranger Company (SRC) sa magkasunod na aksyong militar noong Hulyo 28-29 sa mga sityo ng Binikalan at Domingo, Barangay Lumintao. Pitong sundalo ang patay, kabilang si Sgt. Al Luntayao. Anim na iba pa ang sugatan.

**Misamis Oriental.** Noong Agosto 3, dalawang beses na hinaras ng BHB ang 58th IB sa Sityo Minhablon, Hindangon, Gingoog City. Pito ang patay at dalawa ang sugatan sa AFP.

**Davao City.** Noong Hulyo 28, alas-10:25 ng umaga, pinasabugan ng BHB-SMR ang tropa ng AFP na idineploy upang tugisin ang *custodial force* ng BHB-SMR sa Sityo Kamarag, Barangay Tambobong, Baguio District. Nangyari ito isang araw matapos ang pagpapalaya kay Police Insp. Menardo N. Cui. Hindi bababa sa anim ang kaswalti sa mga sundalo. Si Cui ay pinalaya noong Hulyo 28 sa Sityo Apog-apog, Barangay Salaysay. Namagitan sa kanyang paglaya ang Exodus for Justice and Peace at mga lokal na upisyal ng gubyerno.

**Iloilo.** Noong Hulyo 29, alas-9 ng umaga, hinaras ng BHB-Iloilo ang tropa ng 61st IB sa Sityo Tigmagahan, Barangay Alimodias, Miag-ao. Dalawa ang sugatan sa mga sundalo. Magkasunod ding pinaputukan ng BHB noong Hulyo 29-30, ang detatsment ng 12th IB-CAFGU sa Barangay Pudpud, Miag-ao.

**Antique**. Noong Hulyo 29, alas-10 ng gabi, pinaputukan ng BHB-Antique ang detatsment ng 12th IB-CAFGU sa Barangay Maalan, Hamtic.

**Agusan del Sur.** Tatlong beses na pinasabugan ng BHB ang mga pwersa ng AFP sa prubinsya. Ang una ay nangyari noong umaga ng Hulyo 6, sa Barangay Mt. Carmel, Bayugan; pangalawa, noong Hulyo 15, alas-10 ng umaga, sa Barangay San Juan, Bayugan; at ang ikatlo, noong hapon ng Hulyo 19 sa hangganan ng Barangay San Juan, ng parehong bayan at Barangay Bolhoon, San Miguel, Surigao del Sur. Kabilang sa mga napatay ay sina 1st Lt. Rod Michael Aspiras at Sgt. Ruben Canoy habang tatlo sa mga sundalo ang nasugatan.

**Agusan del Norte.** Apat na sundalo ang patay at dalawang pulis ang sugatan sa operasyong haras ng BHB sa Barangay Aklan, Carmen noong Agosto 3.

**Batangas.** Noong Hulyo 30, binigwasan ng BHB-Batangas ang nag-ooperasyong pwersa ng 1st IB sa hangganan ng mga barangay ng Puting-uway at Calubcob 2, San Juan. Hindi bababa sa tatlong sundalo ang nasawi sa labanan. AB

*"Bulok...," mula sa pahina 3*

sa pagkapangulo sa eleksyong 2004. Malawakang protesta ang ibinunsod ng nasabing kontrobersya, bagay na nag-udyok kay Arroyo na magtalumpati ng "I am sorry" sa telebisyon noong Hunyo 2005.

**Pagdanak ng dugo**

Nag-iwan si Arroyo ng hindi maikukubling bakas ng dugo. Sa siyam na taon ng kanyang paghahari, naitala ang 1,206 kaso ng pampulitikang pamamaslang, 206 kaso ng pagdukot at sapilitang pagkawala at mahigit 2,000 kaso ng iligal na pag-aresto. Umabot sa mahigit 800,000 ang pwersahang nagbakwit sa ilalim ni Arroyo. Pangunahing target ng panunupil ang mga magsasaka at manggagawa.

Umaabot sa 603 magsasaka ang pinatay ng mga armadong pwersa sa ilalim ng kanyang kumand. Kabilang dito ang mga biktima ng Hacienda Luisita Massacre, isa sa pinakakarumal-dumal na krimen ng kanyang rehimen. Kasabwat ang mga Cojuangco, ipinag-utos niya ang marahas na pagbuwag sa noo'y welga sa asyenda sa Tarlac noong Nobyembre 16, 2004. Pitong manggagawang bukid ang napatay sa walang-habas na pamamaril ng mga sundalo sa mga nagwewelga. Mahigit 120 ang sugatan.

Brutal din ang pagsupil sa mga welgang manggagawa. Pinakamarahas ang paglupig sa welga sa Nestlé Philippines noong 2002-2005 sa Cabuyao, Laguna kung saan ginamit ang pwersang militar at pulis laban sa mga manggagawa. Sa buong panahon ng welga, umabot sa 23 manggagawa ang pinaslang. Kabilang dito ang lider ng kanilang unyon na si Diosdado "Ka Fort" Fortuna, na pinatay noong 2005.

Walang-habas na karahasang militar ang pinakawalan laban sa mga aktibista at ordinaryong sibilyan sa ilalim ng gerang Oplan Bantay Laya 1 at 2. Tinatarget ang mga progresibong organisasyon at di armadong sibilyan na pawang itinuturing na mga "kombatant" sa pasistang doktrinang inilahad sa dokumentong "Know Your Enemy" ng militar. Sinaluduhan at inangat ni Arroyo ang mga pinakaberdugong upisyal ng AFP, kabilang si Maj. Gen. Jovito Palparan, na kilalang utak sa mga pagdukot, pagtortyur at pagpatay sa mga aktibista.

**Atake sa ligal na kilusan**

Sumambulat sa mga protesta sa kalsada ang matinding galit at paglaban ng mamamayan. Lubos na nahiwalay at kinamuhian ng taumbayan ang rehimen bunsod ng patung-patong na iskandalo at mga anomalyang kinasangkutan nito.

Para apulain ang mga ito, sunud-sunod ang pagdeklara ni Arroyo ng pasistang mga hakbang. Ipinatupad niya ang "calibrated preemptive response" (CPR) noong 2005 matapos ang serye ng dambuhalang mga protestang ibinunsod ng iskandalong "Hello Garci." Sa CPR, dumalas ang pagbuwag sa mga rali at naging talamak ang pag-aresto sa mga lider at raliyista.

Itinayo ni Arroyo ang Inter-Agency Legal Action Group (IALAG) noong 2006 para maglunsad ng opensibang ligal laban sa mga kritiko ng kanyang rehimen. Kaliwa't kanan ang pagsasampa ng gawa-gawang habla, kabilang ang tampok na kaso ng pagtugis sa "Batasan 6" o mga progresibong partido, ang pagsasampa ng kasong pagpatay laban sa 72 aktibista mula sa Southern Tagalog at iba pa. Ang kasong pagpatay laban sa mga dating kinatawan ng Makabayan na binuhay kamakailan ay unang isinampa noong 2006 sa tulak ng IALAG. Noon namang 2007, pinagtibay ni Arroyo ang Human Security Act (HSA) para kasuhan bilang "terorista" ang sinumang lumalaban sa reaksyunaryong gubyerno.

**Mga galamay ni Arroyo**

Sa kabila ng limang taong detensyon sa ilalim ng nagdaang rehimeng Aquino, nanatiling isang makapangyarihang pwersa sa pulitika si Arroyo. Marami sa kanyang mga galamay at alyado ay kasalukuyang nasa susing mga pwesto ng estado. Malawak ang impluwensya niya sa Kamara. Sa Korte Suprema, anim sa 15 hukom ay hinirang ni Arroyo, kabilang ang tumatayong punong mahistrado na si Antonio Carpio, at si Lucas Bersamin, nominado ng Korte Suprema bilang susunod nitong punong husgado. Ang bagong talagang ombudsman na si Samuel Martires ay dati ring itinalaga ni Arroyo bilang *associate justice* ng Sandiganbayan noong 2005.

Marami sa mismong gabinete ni Duterte ay kilalang mga tauhan ni Arroyo. Dating mga hepe mayor ng AFP sa ilalim ng kanyang rehimen sina Roy Cimatu, kasalukuyang kalihim ng Department of Environment and Natural Resources, at si Hermogenes Esperon, kasalukuyang National Security Adviser.

*Basahin ang mas malawig na pagbaybay sa kasaysayan ng tiraniya ni Gloria Arroyo sa ilalabas na tatlong-bahaging Espesyal na Ulat sa www.philippinerevolution.info.*



# Kalagayan ng mamamayang Moro

Matagal na panahon nang nakikibaka ang mamamayang Moro para sa pagpapasya-sa-sarili. Ang kanilang paglaban ay paulit-ulit na sinalubong ng panunupil ng reaksyunaryong estado. Sa tabing ng kampanya para sa kapayapaan at kaayusan, bawat rehimen ay nagpapakawala ng mararahas na anti-Morong gera mula pa sa panahon ni Marcos hanggang sa kasalukuyan.



Bilang tugon sa karahasang ito pinahigpit at binuo ng mamamayang Moro ang kanilang pagkakaisa para palakasin ang kanilang panawagan sa pagpapasya-sa-sarili at lupang ninuno. Labintatlong tribung Moro ang nagkaisa upang buuin ang Moro National Liberation Front (MNLF) noong 1969.

Sa layuning pahupain ang armadong paglaban ng mga Moro, binuo ng reaksyunaryong gubyerno ang Autonomous Region in Muslim Mindanao (ARMM) noong 1989. Pangako ng ARMM ang pagkilala sa karapatan ng Bangsamoro sa pagpapasya-sa-sarili at pag-resolba sa mga ugat ng armadong tunggalian at kahirapan sa rehiyon. Sa simula, binubuo ng Sulu, Tawi-tawi, Lanao del Sur at Maguindanao ang ARMM. Noong 2001, nagpasyang magpailalim sa ARMM ang Basilan (liban sa Isabela City) at Marawi City.

Subalit makalipas ang 28 taon, hindi natamo ni natamasa ng mga Moro ang kanilang karapatan sa sariling pagpapasya. Sa halip, patuloy silang inaapi sa ilalim ng reaksyunaryong gubyerno ng Pilipinas. Nanatiling pinakamahirap na rehiyon ang ARMM sa buong bansa. Nitong taon, may naitalang halos dalawang milyong mahihirap sa rehiyon. Wala silang kakayahang bumili ng batayang pangangailangan tulad ng pagkain, damit at bahay. Marami sa kanila ay mga magsasakang walang lupang sinasaka.

Bigo ang pamahalaan ng ARMM na tugunan ang suliranin sa lupa ng mamamayang Moro. Gamit ang huwad na programang reporma sa lupa, marami sa kanila ay nalinlang at napilitang pumasok sa sistemang *outgrower* o pagpapaupa ng kanilang lupa sa malalaking negosyo at dayuhang kapitalista sa ilalim ng di pantay na mga kasunduan. Tumatagal ang mga kontrata hanggang 25 taon samantalang binabayaran lamang ang mga magsasaka ng may P100 kada ektarya. Resulta nito, mahigit 48,000 ektaryang lupang agrikultural ang kontrolado ng mga transnasyunal na korporasyon. Siyamnapung porsyento nito o 38,000 ektarya ay plantasyon ng goma. Umaabot naman sa 5,000 ektarya ang ginawang plantasyon ng saging ng mga kumpanyang La Frutera at UniFrutti sa Maguindanao.

Ipinagmamalaki ng rehiyon ang nililikhang trabaho ng mga plantasyon subalit ang katotohanan, isang manggagawang bukid lamang ang tumatrabaho sa bawat tatlong ektaryang lupa. Pinapanatili ring *seasonal* o kontraktwal ang mga manggagawa. Binabarat naman ang pagbili sa mga produkto ng mga magsasaka sa halagang P18-24 lamang bawat kilo ng goma, at halos P17 kada kilo ng saging.

Upang maengganyo ang dayuhang negosyo at lokal na mga kasosyo nito, nagbigay ang mga upisyal ng ARMM at reaksyunaryong gubyerno ng mga insentiba sa pagbubuwis at pinanatiling nakapako sa P270 ang sahod ng mga manggagawa, habang mas mababa pa sa mga kababaihan. Samantala, halos isang milyon ang walang trabaho sa rehiyon at tiyak na nadagdagan pa ito bunga ng gera sa Marawi.

### Korapsyon at interbensyon ng imperyalismong US

Pinatitindi pa ang kahirapan ng mga ribalan sa pulitika at ekonomya sa rehiyon. Ang bawat bahagi ng ARMM ay kontrolado ng magkakaibang angkan, ang pamilyang Alonto-Adiong sa Lanao del Sur, mga Hataman, Salapudin at Akbar sa Basilan at mga angkan ng Talino, Piñol at Ipong sa North Cotabato. Sinasamantala ng estado ang mga ribalang ito upang maipwesto ang mga pinakamapagkakatiwalaang alipures. Ibinubuhos sa kanila ang pondo kapalit ang kanilang katapatan. Dahil sa katangiang marahas na mga tunggalian sa pagitan ng mga pangkatin, naiipit at napipilitang pumili ang mamamayan kung sino ang papanigang angkan.

Talamak din sa rehiyon ang pagbebenta ng iligal na droga, ismagling at iligal na bentahan ng armas na kadalasa'y hawak din ng mga lokal na naghaharing uri.

Sa tabing ng pondo para sa kaunlaran at pagsasaayos ng mga nawasak na imprastruktura, bilyunbilyong pondo ang inilalagak sa ARMM. Taun-taong tumatanggap ng P33 bilyong pondong pangkaunlaran ang rehiyon, liban pa sa P1 bilyong pondo para sa lokal na gubyerno.

Malayang nakapangingialam ang imperyalistang US sa pulitika at operasyong militar sa rehiyon. Gamit ang banderang gera laban sa terorismo, madalas ang paglulunsad ng samu't saring "ehersisyong militar" sa mga isla at karagatan ng ARMM.

Kabilang dito ang mga inilulunsad na operasyong kombat ng tropang US at AFP sa mga isla ng Basilan at Sulu upang tugisin diumano ang mga Abu Sayyaf. Sa Sulu Sea, nagpapatrulya ang tropa ng US Navy mula pa noong 2017. Noong 2016 naman naglunsad ng "multilateral training activity" ang mga pwersang pandagat ng US, Pilipinas at Malaysia. Samantala, gamit ang kanilang kasangkapan sa paniktik at sarbeylans idinirihe ng tropa ng US ang gera sa Marawi. AB

# Lokal na gubyernong bayan, itinatag sa Negros

Sa nakaraang mga taon, paulit-ulit ang pangungutya ni Rodrigo Duterte na walang teritoryo ang rebolusyonaryong kilusan. Itinatanggi niya ang katotohanang nakatayo sa buong bansa ang mga lokal na demokratikong gubyernong bayan sa antas barangay at ilan nang sa antas munisipalidad.

Sa Central Negros noong Hunyo 21, matagumpay na naidaos ang kumperensyang bayan sa baryo sa isang bulubunduking bahagi ng isla. Umaabot sa 160 kasapi ng sangay sa Partido sa lokalidad (SPL) at mga myembro ng organisasyong masa ang dumalo sa pagtitipon. Ang 90 sa kanila ang upisyal na delegado ng asembliya.

Hakbang pasulong sa pagpupundar ng kapangyarihang pampulitika ng mamamayan sa kanayunan ang pagtatayo ng lokal na gubyernong bayan. Bilang pagsasabuhay ng demokrasya, malayang hinalal ng mga delegado ang komiteng rebolusyonaryo sa baryo (KRB): sangkatlo mula sa Partido bilang namumuno, sangkatlo mula sa mga organisasyong masa at sangkatlo mula sa panggitnang pwersa.

Ang KRB ang magsisilbing tagapagpatupad ng mga patakaran ng gubyernong bayan sa lokalidad.

Bago ang kumperensya, idinaos ng SPL ang pagpapasumpa sa mga kandidatong kasapi bilang mga ganap na kasapi ng Partido. Dahil dito, lumaki nang 30% ang bilang ng ganap na myembro ng Partido. Mayorya sa kanila ay mula sa sektor ng kabataan at magsasaka na aktibo at may kakayahang mamuno sa KRB at isulong sa mas mataas na antas ang rebolusyonaryong pakikibaka.

Inilunsad din ang malawakang kampanyang pag-aaral ng Rebolusyonaryong Gabay sa Reporma sa Lupa at ang pagbalik-tanaw sa kasaysayan ng lugar. Nagtagal nang apat na araw ang pag-aaral. Dito, lalong naging malinaw sa mga delegado ang kanilang papel sa pagsulong ng tunay na reporma sa lupa. Humalaw sila ng mga aral mula sa naging mga kahinaan at kalakasan sa nakaraan para paunlarin ang kanilang paglaban. Kabilang dito ang kanilang karanasan sa pagsulong sa harap ng todo-atake ng kaaway at sa panahon ng matinding kontradiksyon sa loob ng kilusan at kasunod na kilusang pagwawasto noong dekada 1980.

Binigyan-diin ng mga pangunahing lider sa baryo ang obhetibong kalagayan at hanayan ng mga uri sa lugar sa layuning tukuyin ang pangunahing mga suliranin at mailapat ang wastong solusyon sa mga ito.

Matagumpay ding naidaos ang mga asembliya ng Malayang Kilusan ng Bagong Kababaihan at Kabataang Makabayan. Parehong naghalal ng kani-kanilang upisyal ang dalawang organisasyon. Nagtipon din ang milisyang bayan para sa kanilang reorganisasyon, pagsasanay at pagbabalik-aral sa oryentasyon at mga regulasyon ng Bagong Hukbong Bayan (BHB). Sa buong organisadong pwersa, umabot sa 65% ang nakakuha ng iba't ibang pag-aaral at pagsasanay.

### Pagharap sa mga hamon

Kaliwa't kanan ang mga operasyong militar, saywar, pamamaslang sa mga inosenteng sibilyan, kontra-mahirap na mga gera "kontra-droga" at laban sa mga tambay sa kabuuan ng Negros. Para salagin ang mga atakeng ito, nagbalangkas ang KRB ng isang taong programa para matiyak na tuluytuloy ang mga trabaho at magampanan ng lahat ang nakalatag na mga tungkulin.

Nagpanata ang lahat ng delegado na gagawin ang lahat upang isulong ang rebolusyong agraryo, pagpapalawak sa baseng masa at pagpapasampa sa BHB. Napaluha sa galak ang mga namumuno sa lokalidad sa kasigasigan ng mga delegado.

"Mula pa noong nagsimula tayo sa lebel ng grupong pang-organisa, naging komiteng pang-organisa, umabot sa ganap na samahang masa, at ngayong narating na natin ang antas ng KRB, hindi tayo titigil hangga't di natin nakakamit ang ganap na tagumpay," pahayag ng isa sa mga nanguna sa kumperensya.

Napapanahon ang pagtatayo ng KRB para harapin ang pasista at militaristang Oplan Kapayapaan ng rehimeng US-Duterte na naglalayong wasakin ang rebolusyonaryong kilusan. AB



# Piket sa NutriAsia, marahas na binuwag

Marahas na binuwag ng pinagsanib na pwersang pulis at mga gwardya ng NutriAsia Inc. ang payapang protesta ng mga manggagawa at kanilang mga tagasuporta sa harap ng planta nito sa Marilao, Bulacan noong Hulyo 30. Mahigit dalawang buwan nang nakapiket ang mga manggagawa ng kumpanya para igiit sa maneydsment na ibalik ang 50 manggagawang iligal na tinanggal at ipatupad ang utos ng Department of Labor and Employment na gawing regular ang mahigit 900 kontraktwal na manggagawa nito.

Katatapos pa lamang ng isinagawang misa at programa sa piketlayn nang sumugod ang mahigit 70 pulis, gwardya at maton na armado ng mga bato, batuta at panangga, para buwagin at itaboy ang mga manggagawa at kanilang mga tagasuporta sa lugar.

Bilang tugon, umupo sila sa harap ng mga pulis at gwardya para pigilang mabuwag ang kanilang hanay. Pinagpapalo sila sa ulo at katawan.

Labing-isa ang malubhang nasugatan kabilang si Leticia Retiza, 56, na napinsala ang bungo at ilong at kinailangang operahan. Labingsiyam naman ang inaresto at idinetine, kabilang ang siyam na manggagawa, limang tagasuporta at limang kasapi ng midya. Kinumpiska ang mga selpon, kamera, laptop, ID at pera ng mga inaresto.

Upang bigyang katwiran ang pandarahas, naglabas ng kasinungalingan ang NutriAsia at PNP Meycauayan na nagpaputok umano ang mga aktibista. Iniharap sa midya si Edwin Barana na umano'y raliyista na nakuhanan ng *shabu* at baril. Pero nang tanungin ng mga manggagawa, umamin siya na nakakulong mula pa noong 2016 at binugbog ng PNP Meycauayan para magpanggap na aktibista.

Kinagabihan ng araw ding iyon, nagprotesta ang mga tagasuporta at midya sa harap ng Meycauayan Police Station kung saan idinetine ang mga iligal na inaresto. Tinakot at pinagbawalan nila ang mga kasapi ng midya na magdokumento ng protesta. Nagbanta rin si P/Supt. Santos Mera Jr., hepe ng PNP Meycauayan, na aarestuhin ang lahat ng nagpuprotesta.

*... sundan sa pahina 8*

## Alice Guillermo, 80



NAGBIGAY-PUGAY ANG PARTIDO Komunista ng Pilipinas kay Dr. Alice Guillermo, nangungunang rebolusyonaryong kritiko sa sining. Namatay siya sa sakit noong Hulyo 29 sa edad na 80.

Isang higante si Dr. Guillermo sa larangan ng rebolusyonaryong kilusan sa kultura sa Pilipinas. Pinangunahan niya ang pagiging mapanuri sa sining sa pamamagitan ng paglalatag ng rebolusyonaryong estetiks bilang pamantayan ng ano ang maganda at hindi. Tagos ang kanyang gagap sa Marxismo-Leninismo-Maoismo sa kanyang mga sulatin na nagkumbina ng kritika sa sining, kasaysayan ng kultura at pagsusuring sosyo-pulitikal.

Malinaw niyang naipaliwanag ang kasaysayan ng kultura at sining bilang repleksyon ng pambansa at sosyo-pulitikal na pakikibaka ng mamamayang Pilipino. Para sa kanya, sinasalamin ng sining ang makasaysayang bangayan sa pagitan ng reaksyon at rebolusyon. Taglay ng bawat likhang-sining ang makauring pananaw ng lumikha nito. Kung hindi nagsisilbi ang isang likhang-sining sa pagpapalaya sa inaapi at pinagsasamatalahan, nagsisilbi ito sa pagpapanatili ng naghaharing mapang-aping sistema. Alinsunod ito sa pananaw na bahagi ang sining at kultura ng superistruktura at ginagamit ng naghaharing mga uri para supilin ang masang anakpawis.

Ipinakita ni Dr. Guillermo kung paano nagiging armas ng masang anakpawis para sa paglaya ang rebolusyonaryong sining at kultura. Isa itong sandata para mulatin ang sambayanan, ibunyag ang kabulukan ng lipunan at pagkaisahin at pakilusan ang mamamayan sa rebolusyonaryong paglaban. Nakita ni Dr. Guillermo sa larangan ng sining at kultura ang labanan sa pagitan ng dalawang kampo: ang nagtataguyod ng "sining para sa kapakanan ng sining" at proletaryadong sining. Lubos niyang naintindihan ang tanong ni Mao Zedong na "para kanino" ang sining at walang pag-alinlangang pumanig sa "sining para sa mamamayan."

Ayon pa kay Jose Maria Sison, sa kanyang parangal kay Dr. Guillermo, “Habampanahon na mananatiling buhay sa alaala ng bansang Pilipino si Alice Guerrero Guillermo bilang guro ng rebolusyonaryong estetiks at bilang kritiko ng sining sa kanyang paglilingkod sa pinagsasamantalahan at inaaping mamamayan. Ang kanyang mga akda sa larangan ng kultura at sining, na malawig at may mataas na kalidad, ay napakahusay at nag-aangat sa kanya bilang maningning na simbolo sa sirkulo ng mga bayani sa kultura. AB

## Saan galing ang yaman ng pamilyang Campos?

**Campos Facts**

Mga nakaw na yaman ni Marcos na ipinangalan kay Joselito Yao Campos Sr.

| Mga nasekwester | Halaga (sa taong nasekwester) |
|---|---|
| Mga ari-arian | P19.8 bilyon (1986-2014)* |
| Mga ari-arian nina Campos Sr. at Alejo Ganut sa Bataan at Caloocan | P262.6 milyon (2000) |
| Mga sapi sa: | |
| PLDT | P74.2 milyon (1999) |
| PLDT at A. Soriano Corp. | P41.1 milyon (2005) |
| Pondo mula sa pinagsamang bank account nina Campos Sr. at Rolando Gapud | P375 milyon (1988) |
| Salapi | P250 milyon (1986) |

* Kabuuang halaga (*uninflated*) ng mga nasekwester na ari-arian sa Metro Manila, Rizal, Laguna, Cavite, Bataan, Baguio City, Nueva Ecija, Hans Menzi at Banaue Inn Compound

SI JOSELITO DEE CAMPOS JR. ang burges-kumprador na nagmamay-ari sa NutriAsia, ang pinakamalaking kumpanyang gumagawa ng mga produktong ketsap, sarsa at mantika sa bansa. Kilala ang kumpanya sa mga produkto nitong Datu Puti, Silver Swan, UFC, Papa, Mang Tomas, Jufran, Golden Fiesta at Happy Fiesta. Iniluluwas din nito ang naturang mga produkto sa Europe, Middle East, Asia, Pacific at North America. Noong 2015, nakapagtala ang kumpanya ng halaga ng pagmamay-ari *(net assets)* na di bababa sa P16.8 bilyon.

Anak si Joselito Dee ni Joselito Yao Campos Sr., isa sa mga pinakamalapit na kroni ng dating diktador na si Ferdinand Marcos. Bilyun-bilyong pisong halaga ng nakaw na yaman ng diktador ang inilista sa ilalim ng pangalan ni Campos Sr. *(Tingnan ang talaan.)*

Si Campos Sr. din ang nagtatag sa United Laboratories (Unilab), ang pinakamalaking kumpanya ng gamot sa bansa. Para lalong makapagpayaman si Campos Sr. at mapalawak ang kanyang kumpanya, binigyan ni Marcos ng ekslusibong lisensya sa pag-angkat ang Unilab at itinakda ito bilang pangunahing tagasuplay ng gamot ng kanyang rehimen.

Liban sa mga ito, hawak ng pamilyang Campos ang kalahati ng Bonifacio Global City, isang sentro ng komersyo at pinansya sa Metro Manila. Tumatayong pinuno nito si Joselito Jr, ang mayhawak ng NutriAsia. Liban dito, umuupo si Joselito Jr. bilang direktor ng San Miguel Corporation at isa pa nitong kumpanya, ang FieldFresh Inc. Labas sa kanyang mga komersyal na interes, itinalaga siyang *consul* ng Pilipinas para sa Seychelles, isang bansang madalas gamitin bilang taguan ng nakaw na yaman at paglalagakan ng pondo para makaligtas sa pagbubuwis.

Sa loob ng mahigit tatlong dekada, ipinagpatuloy ni Campos Jr. ang trabaho ng kanyang ama sa Unilab at kalauna'y naging tagapangulo at *chief executive officer* nito. Gamit ang insentiba at nakaw na yamang ibinigay ni Marcos bilang puhunan, higit pang napalawak ni Campos Jr. ang operasyon at sakop ng kalakalan ng kumpanya sa Indonesia, Thailand, Malaysia, Singapore, Hongkong, Vietnam, at iba pa.

Ipinasa ni Campos Jr. ang pamamahala ng Unilab sa kanyang kapatid na si Jocelyn Campos Hess at naghawan siya ng bagong landas para sa kanyang negosyo sa industriya ng pagkain at inumin. Noong dekada 1990, itinatag ni Campos Jr. ang NutriAsia Inc. matapos niyang bilhin ang Neilcom, UFC, Jufran, Mafran at Papa Ketchup, Datu Puti, Mang Tomas at iba pang noo'y maliliit na kumpanyang gumagawa ng mga produktong ketsap at sarsa.

Sa ilalim ni Campos Jr., nakisosyo ang NutriAsia sa kumpanyang HJ Heinz ng US noong 2000. Humiwalay si Campos sa Heinz noong 2006. Katuwang si Eduardo Cojuangco ng San Miguel Corp., binili nila ang Del Monte Pacific Limited, na siya ring nagmamay-ari at sumasaklaw sa operasyon ng Del Monte Philippines. Noong 2013, binili ni Campos, katuwang ang Hongkong Standard Chartered Bank ng United Kingdom, ang Del Monte Foods Consumer Products sa US sa halagang $1.7 bilyon. AB

*"Piket...," mula sa pahina 7*

**Matinding galit at pagkundena**

Mula Hulyo 30 hanggang Agosto 3, kaliwa't kanang protesta ang inilunsad ng mga progresibong organisasyon sa buong kapuluan at maging sa ibayong dagat para mariing kundenahin ang dispersal sa NutriAsia. Tampok dito ang mga pagkilos ng mga progresibong organisasyong kabataan sa iba't ibang unibersidad; mga manggagawa sa harap ng punong-himpilan ng DOLE sa Intramuros, Manila; mga migrante sa pangunguna ng Bayan–USA sa harap ng Philippine Consulate sa New York at Los Angeles, California. Lumaganap din sa *internet* ang kampanyang #BoycottNutriAsia.

Naglabas naman ng pahayag ng pagkundena ang National Union of Journalists of the Philippines at ang AlterMidya Network. Anila, ang pananakit, pananakot at pag-aresto ng mga pulis at maton ng NutriAsia sa mga mamamahayag ay direktang paglabag sa karapatan sa pamamahayag at karapatan ng publiko sa impormasyon. Pinalaya ang 19 inaresto dahil sa protesta.

Ayon sa Partido Komunista ng Pilipinas, "Layon ng marahas na dispersal sa NutriAsia na takutin ang mga manggagawang nakikibaka laban sa mababang sahod, kawalang katiyakan sa trabaho, hindi patas na patakaran sa paggawa, at iba pang mapagsamantalang hakbang. Sa pagpapakawala nito ng todong pandarahas, pinagbabantaan ni Duterte ang mga manggagawa na kung sila ay patuloy na magpoprotesta, dadanak ang dugo at sila ay aarestuhin." AB

# Pambansang protesta kontra SONA, idinaos

Sa loob ng dalawang taon, mabilis na pinagkaisa ni Rodrigo Duterte ang iba't ibang organisasyong pampulitika at demokratikong sektor laban sa kanyang papet, pahirap at pasistang rehimen. Sa kanyang ikatlong State of the Nation Address (SONA), puu-puong libo ang kumilos sa mga sentrong lunsod sa buong bansa.

Nanawagan ang mga raliyista laban sa pasista at pahirap na mga patakaran. Isinigaw nila ang mga islogang: Tama na! Sobra na! Wakasan na! Nagsama-sama ang iba't-ibang grupo sa isinagawang United People's SONA noong Hulyo 23 sa Commonwealth Avenue, Quezon City. Dala nila ang panawagang: Itakwil ang Duterte Cha-cha! Labanan ang diktadura!

Humigit-kumulang 40,000 ang nagmartsa para ilahad ang tunay na kalagayan ng bansa sa ilalim ng isang tiranikong rehimen. Ayon sa Bagong Alyansang Makabayan (Bayan), ito na ang pinakamalaki at pinakamalapad na protestang anti-Duterte.

Nanawagan ang Bayan ng pagwawakas sa rehimeng US-Duterte. Nakiisa rin sa protesta ang muling pinagsanib na lakas ng mga manggagawa—ang Nagkaisa! at Kilusang Mayo Uno. Dumalo rin ang mga Lumad at Moro mula sa Mindanao para kundenahin ang batas militar sa isla. Naroon din ang Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP) at mga pambansa-demokratikong organisasyon ng kabataan at estudyante. Isang araw bago ang SONA, dumating sa UP Diliman ang libu-libong delegado ng Southern Tagalog at Central Luzon para lumahok sa protesta. Nagtipon sa kalapit na gusali ng Commission on Human Rights sa loob ng kampus ang mga myembro ng Liberal Party at kanilang mga kaalyadong partido.

Nagmartsa ang libu-libong kababaihan sa ilalim ng #BabaeAko para ihayag ang paglaban sa macho-pasistang rehimen. Dumating din si dating Chief Justice Maria Lourdes Sereno at kanyang mga tagasuporta. Bago tumungo sa protesta, nagdaos ng misa ang mga taong-simbahan para makiisa sa panawagan ng hustisya at demokrasya.

**Luzon.** Pinangunahan ng Cordillera People's Alliance at Tongtongan ti Umili ang United People's SONA sa Baguio City na nilahukan ng daan-daan. Samantala, sa kabila ng mga tsekpoynt, matagumpay ang protesta ng Bayan-Ilocos sa harapan ng kapitolyo sa Vigan City.

Nagtipon naman ang higit 1,000 biktima ng batas militar noong panahon ni Marcos sa pangkalahatang asembliya ng Karapatan-Cagayan Valley sa Baggao, Cagayan. Nagmartsa sila patungong munisipyo bitbit ang panawagang "Never again to Martial law! Tama na! Sobra na!" Sa Tuguegarao City, nagprotesta rin ang mga kabataan. Sa Bicol, pinangunahan ng Bayan ang mga nagprotesta sa anim na prubinsya.

**Visayas.** Nasa 500 ang nagprotesta sa Bohol na pinangunahan ng Humabol-KMP-Bohol. Sa Cebu, naglunsad ng magkakasabay na protesta sa Cebu City, Toledo City at Bantayan Islands sa pamumuno ng Bayan-Central Visayas. Matagumpay ding nailunsad sa isla ng Panay ang mga protesta sa Iloilo City, Roxas City at Kalibo, Aklan. Pinangunahan naman ng Bayan-Negros ang protesta sa Bacolod Public Plaza na nilahukan ng higit 1,000. Nakiisa rito ang mga magsasaka at manggagawang bukid ng National Federation of Sugar Workers. Sa buong isla, naglunsad din ng mga protesta sa Kabankalan, Dumaguete, at Guihulngan. Kaparehong mga protesta rin ang inilunsad sa Tacloban City at Catarman, Northern Samar.

**Mindanao.** Sa harap ng batas militar sa buong Mindanao, higit 500 ang lumahok sa protesta sa mismong poder ni Duterte sa Davao City. Hinarang ng PNP ang mga delegado mula sa Compostela Farmers' Association at MARBAI na dadalo sa rali. Nagbarikada naman ang daan-daang nakiisa sa People's SONA sa national highway ng Koronadal City. Daan-daan din ang nagprotesta sa Surigao City, kasama ang mga taong-simbahan mula sa Iglesia Filipina Independiente.

Sa Cagayan de Oro City, pinangunahan ng mga Moro sa ilalim ng Tindeg Ranaw ang pagkundena sa nagpapatuloy na batas militar sa Mindanao, gayundin ang kawalang-aksyon at suporta ng gubyerno sa mga biktima ng gera sa Marawi City. Isang taon na mula nang ipinangako ni Duterte ang rehabilitasyon at tulong para sa mga biktima ngunit hanggang ngayon ay wala pa itong iniusad. Gayundin, inilunsad ang mga People's SONA sa mga syudad ng Zamboanga, Cotabato, Marawi, Butuan, General Santos, Valencia at Kidapawan.

**Sa ibayong dagat.** Sa US, naglunsad ng mga protesta sa Los Angeles, Washington D.C., Boston, Portland, New York at Chicago. Kinundena ng mga raliyista ang nagpapatuloy na pamamaslang at bantang diktadura ni Duterte.

Sa Canada, pinangunahan ng Migrante at Bayan-Canada, ang mga protesta sa Vancouver, Toronto, Montreal at Ottawa. Nagkaroon din ng katulad na pagkilos sa Hongkong sa pangunguna ng Hongkong Coalition against Duterte's Tyranny. AB

# Welga laban sa VECO, ikinakasa

Nakaambang magwelga ang mga manggagawa ng Visayan Electrical Company sa pangunguna ng Visayan Electric Company Employees Union (VECEU)–NAFLU-KMU matapos maghain ang unyon ng Notice of Strike (NOS) sa National Conciliation and Mediation Board (NCMB) noong Hulyo 19. Noong Hulyo 30, bumoto ang 107 manggagawa pabor sa pagpapaputok ng welga.

Nangungunang isyu ng mga manggagawa ang mapang-aping sistema sa paggawa *(unfair labor practice o ULP)* ng kumpanya at tangka nitong pagbuwag sa unyon. Nagbanta ang maneydsment na tanggalin ang mga kasapi ng unyon sa trabaho dahil umano sa kawalan nila ng respeto at pagsuway sa utos ng maneydsment na pumirma sa mga hindi patas na kontrata at kasunduan sa paggawa. Lantaran din ang pagpapatupad ng kumpanya ng kontraktwalisasyon sa pamamagitan ng paglipat ng mga trabaho at serbisyong kasalukuyang ginagampanan ng mga regular nitong manggagawa sa mga kontraktwal.

Sadya ring nilabag ng kumpanya ang mga probisyon ng *collective bargaining agreement* sa pagkakait sa mga manggagawa ng kanilang mga benepisyo sa loob ng mahigit tatlong taon, pakikialam sa pagpaplano ng unyon para sa araw ng paggawa; at pagbabawal na magkaroon ng kinatawan ang NAFLU-KMU sa mga negosasyon at kumperensyang ipinapatawag ng NCMB.

## Kampuhan sa Liwayway

NAGKAMPUHAN ANG MGA manggagawa ng Liwayway Marketing Corporation (LMC), sa pangunguna ng Liwayway Workers' Union-ANGLO-KMU sa harap ng planta ng kumpanya sa Mandaue City, Cebu mula pa noong Hulyo 24. Kinundena nila ang iligal na pagtanggal sa may 100 manggagawa matapos manawagan ng unyon sa DOLE na imbestigahan ang kumpanya. Pinagbantaan ding tatanggalin ang mahigit 300 myembro ng unyon.

Ininspeksyon ng DOLE ang nasabing pagawaan at nakitaan ng mga paglabag gaya ng hindi pagbibigay ng mga benepisyo at iligal na pagkaltas sa sweldo. Bukod dito, paso na rin ang kontrata sa DOLE ng dalawa sa apat na *manpower agency.* May mga manggagawa ring 14 taon nang nagtatrabaho sa kumpanya bilang mga kontraktwal.

Ang LMC ang nagmamanupaktura ng mga produktong Oishi at pagmamay-ari ng bilyunaryong si Carlos Chan, ang ika-24 na pinakamayamang indibidwal sa bansa.

## Bungkalan sa Zambales, tuloy

MULING NAGHAHANDA ANG mga magsasaka sa ilalim ng Buklurang Magbubukid ng Balaybay (BMB) at mga residente sa 21 ektarya ng Lot 2777 sa Balaybay, Zambales para ituloy ang kanilang bungkalan sa darating na Agosto 9. Ilulunsad nila ang bungkalan para labanan ang pang-aagaw sa kanilang lupa ng mga ispekulador sa *real estate*.

Karugtong ang bungkalan na ito ng bungkalan na inilunsad ng mga magsasaka noong Hulyo 9. Naputol ang kanilang pagkilos dulot ng panggigipit at pananakot ng mga armadong gwardya ng mga ispekulador. Regular na pinapatrulya ng mga gwardya ang lugar ng bungkalan para kunan ng litrato ang mga magsasaka. Ipinailalim din nila ang mga magsasaka sa interogasyon at binansagang mga komunista para bigyan katwiran ang posibleng deployment ng mga yunit ng militar sa lugar. Tatlong beses (Hulyo 19, Agosto 2 at 3) nagtangka ang mga gwardya na tuluyan nang ipahinto ang bungkalan ng mga magsasaka.

Noon pang 2010 nakikibaka ang mga magsasaka rito para bawiin ang kanilang lupa mula sa mga ispekulador.

## Protesta ng mga Tumandok

Sa Tapaz, Capiz, nagprotesta ang mga Tumandok noong Hulyo 16 laban sa itinayong detatsment ng 61st IB malapit sa Katipunan Elementary School sa pangambang madamay ang kanilang mga anak kung magkaroon ng engkwentro sa komunidad. Ayon sa mga residente, perwisyo ang dulot sa kanila ng presensyang militar. Tuwing nag-ooperasyon ang mga sundalo, nasisira ang pananim ng mga residente at natutulog sa kanilang mga bahay nang walang pahintulot.

## Piket-protesta laban sa PLDT

Naglunsad ng piket-protesta ang mga myembro ng PLDT Organization of Workers and Employees for Rights kasama ang PLDT Rank and File Union, Mangggawa ng Komunikasyon sa Pilipinas at Gabay ng Unyon sa Telekomunikasyon ng mga Superbisor noong Hulyo 31 sa harap ng upisina ng kumpanya sa Maynila. Ito ay upang kundenahin ang inilabas na resolusyon ng Court of Appeals noong araw ding iyon na nagpawalang-bisa at bumaligtad sa kautusan ng DOLE para sa regularisasyon ng mahigit 7,000 manggagawang kontraktwal sa ilalim ng iba't ibang ahensyang kinontrata ng PLDT.

Samantala, marahas na dinispers at iligal na inaresto ng mga pulis at mga gwardya ng Bonifacio Global City ang mga manggagawa ng Pacific Plaza Towers (PPT) matapos iputok ang kanilang welga noong Agosto 6 sa Taguig, Metro Manila. Ang PPT ay pag-aari ng mga Campos.

Ipinutok ang welga matapos tanggalin ng maneydsment ang 17 manggagawa nito na gumagampan ng mahahalagang trabaho sa PPT bilang mga *electrician,* tubero, mason, karpintero at teknisyan. AB

# 701st Brigade: Mga berdugo ng Davao Oriental

Duguan ang rekord ng 701st Infantry Brigade ng Philippine Army. Sa ilalim ng magkasunod na kontra-rebolusyonaryong mga oplan na "Bayanihan" at "Kapayapaan," nagsala-salabid ang mga krimen nito laban sa mamamayan ng Davao Oriental. Pusakal din ang naturang brigada sa pagpatupad ng nagdaang Oplan Bantay Laya 1 at 2 sa Central Luzon.


Sa Mindanao, tumindi ang pananalasa ng 701st Brigade nang ipataw ni Rodrigo Duterte ang batas militar. Dumami ang inokupa nitong mga barangay ng mga magsasaka at komunidad ng mga Lumad na Mandaya. Nagkalat ang mga "peace and development team" (PDT) sa mas malawak pang saklaw.

Mga tauhan ng 701st Brigade ang salarin sa ekstrahudisyal na pamamaslang sa mga aktibista at mga sibilyan sa Davao Oriental. Dagdag na krimen nito ang iligal na pag-aresto, pag-armas ng mga paramilitar na Lumad upang atakehin ang kanilang kapwa Lumad at pekeng pagpapasurender ng mga sibilyan. Nagsasagawa sila ng mga pambobomba at pangangayon na na nagdulot ng pinsala sa mga sibilyan, kabilang ang pagkasira ng kanilang mga bahay at kabuhayan, at sapilitang paglikas.

Siyam sa 11 bayan at syudad ng prubinsya ang may presensya ng 67th IB at 28th IB—ang mga batalyong kontrolado ng 701st Brigade. Aabot sa 27 barangay at komunidad ang tinayuan ng detatsment, at may 16 na iba pa ang okupado ng mga PDT. Dagdag pa rito ang mga punong himpilan ng brigada at mga batalyon. Sa mga komunidad na sinasakop ng mga PDT, laganap ang mga kaso ng pagpatay, pananakit at pananakot, at iba pang paglabag sa karapatang-tao.

Buong unang distrito ng prubinsya ang sinasalanta ngayon ng 67th IB at ikalawang distrito naman ang sa 28th IB. Sa Barangay Malibago sa Cateel, kung saan hindi aabot sa 2,000 ang populasyon, naglagay ang 67th IB ng tatlong detatsment. May PDT din sa isa sa mga sityo. Maliban dito, lima pang barangay ang mayroon ding mga detatsment, at tatlong iba pa ang okupado ng mga PDT.

Mga mangongotong at protektor ng iligal na pagtotroso sa lugar ang 67th IB. Kasangkapan din ang yunit-militar na ito ng lokal na panginoong maylupa sa Boston upang gipitin ang mga residente na sa kanya ibenta ang produkto ng mga magsasaka. Samantala, nagsisilbing armadong pwersang panseguridad ng malalaking kumpanya sa mina sa Davao Oriental ang 28th IB.




### Anino ni Palparan

Notoryus sa Central Luzon ang 701st Brigade sa pagpapabakwit ng mga komunidad at pagdukot at pagpaslang sa daan-daang sibilyan at aktibista. Kilala bilang "Palparan Brigade," sinanay ito ni Jovito Palparan noong 2005-2006 nang kumander pa siya ng 7th Infantry Division. Si Palparan ang tinaguriang "berdugo" at paboritong heneral ni dating presidente Gloria Arroyo. Itinalaga ang naturang brigada sa Davao Region noong Oktubre 2010, kasabay ng paglalagi ni Palparan sa rehiyon bilang tagapayong militar ng isang lokal na pulitiko.

Kilalang matapat na tauhan nina Palparan at Arroyo si Brig. Gen. Reuben Basiao, ang kasalukuyang kumander ng 701st Brigade. Noong 2012, nang pinuno pa si Basiao ng 67th IB, nagmistulang mga "ghost town" ang sinakop nilang mga barangay laluna sa bayan ng Lupon. Kontrolado ang galaw ng mga residente, at iniinteroga ang mga myembro ng bawat pamilya nang dalawang beses bawat linggo. Lumaganap din ang mga kaso ng pananakit, tortyur, iligal na mga pag-aresto at pagsasampa ng gawa-gawang mga kaso sa mga aktibistang magsasaka. Maliban sa ala-Palparan na pag-atake sa mga sibilyan, nabantog din si Basiao dahil sa panunuhol niya sa Commission on Elections noong 2007 upang tiyakin ang pagkapanalo ng mga kandidato ni Macapagal-Arroyo sa Mindanao.

Kabilang din sa mga upisyal ng 701st Bde na kilalang tagasunod ni Palparan si Lt. Col. Jacob Obligado, ang kasalukuyang kumander ng 67th IB. Dati siyang tauhan ni Palparan sa 204th Brigade sa Mindoro, at sangkot sa pagdukot at pagpatay sa mga aktibistang sina Eden Marcellana at Eddie Gumanoy. Kasabay ng pagkakalipat ng 701st Bde sa Mindanao, naging punong upisyal sa saywar si Obligado bilang hepe ng Civil Military Operations ng 10th Infantry Division, kung saan nakapailalim ang 701st Brigade.

Pinangunahan ni Obligado ang pang-iintriga sa rebolusyonaryong kilusan at pagtakip sa mga krimen ng 10th ID. Kabilang dito ang pagtatakip sa pagpatay ng mga sundalo sa 8-taong gulang na si Roque Antivo at pagkasugat ng dalawa pang bata, at ang tangkang panunuhol para patahimikin ang kanilang mga pamilya. Inarmasan at pinamunuan niya ang grupong paramilitar na Mandaya Ancestral Defense Unit na naghasik ng teror sa mga komunidad ng mga Lumad. AB

# Pagsasampa ng gawa-gawang kaso, sunud-sunod

Mistulang "crackdown" laban sa mga kritiko ng rehimen ang sunud-sunod na pagsasampa ng gawa-gawang mga kaso laban sa mga progresibong lider, aktibista, tagasuporta at maging sa midya ang isinagawa nitong nakaraang dalawang linggo. Gamit nito ang mga lokal na pamahalaan, institusyong sibilyan at mga korte para lalupang mang-alipusta, laluna ng mga Lumad na lumalaban sa teroristang lagim sa kanayunan.

**Panggigipit.** Ipinag-utos noong Hulyo 11 ng Palayan City Regional Trial Court sa Nueva Ecija na arestuhin ang dating mga kinatawan ng Bayan Muna na sina Satur Ocampo at Teddy Casiño, dating Department of Agrarian Reform Sec. Rafael Mariano at Liza Maza ng National Anti-Poverty Commission. Ito ay kaugnay ng binuhay na tatlong gawa-gawang kaso ng pagpatay na isinampa laban sa apat noong panahon ng rehimen ni Gloria Macapagal-Arroyo. Nag-alok pa ng pabuya ang kampo ni Arroyo para sa pagdakip sa kanila.

Sa Surigao del Sur, sinampahan ng PNP Lianga noong Hulyo 19 ng kasong matinding pagbabanta at pamimilit ang 30 indibidwal dahil sa kanilang pamumuno at pagsuporta sa pagbakwit ng mga residente mula sa mga militarisadong baryo ng Diatagon. Isa sa "testigo" ng mga pulis si Marcos Bocales, ang lider ng paramilitar na Magahat-Bagani na pumatay sa mga lider-Lumad at guro noong Setyembre 2015.

Sa Cagayan de Oro, sinampahan din ng gawa-gawang mga kasong pamimilit at pang-aabuso ng menor-de-edad ang 11 lider at tagapagtanggol ng karapatang tao. Sa General Santos City, siyam na mga lider, guro at aktibista naman ang sinampahan ng samutsaring inimbentong kaso dahil sa protesta noong Hulyo 16.

**Intimidasyon.** Sa Sultan Kudarat, hinarang ng militar, pulis at lokal na pamahalaan ang prusisyon ng mga Dulangan-Manobo para ilibing ang mga labi ni Datu Pakingan Gantangan sa kanilang lupaing ninuno. Hinarang ang mga Lumad sa sunud-sunod na mga tsekpoynt sa mahigit 12 oras na byahe mula sa Koronadal City, South Cotabato tungong Lebac, Sultan Kudarat. Sa bawat pagpapahinto, inililista ang mga pangalan ng mga dumalo at kinukunan ng litrato. Iniinteroga rin sila, nirerekisa ang mga dala at pilit pinabubuksan ang kabaong dahil may nakatago umano ditong bomba. Pinatawan din ng sari-saring paglabag ang mga drayber ng prusisyon.

Si Datu Pakingan ay isa sa mga lider ng mga Lumad na nagtayo ng kampuhan sa upisina ng DepEd Region 12 sa Koronadal City. Inatake siya sa puso at namatay noong Hulyo 23 dahil sa hirap na kalagayan sa kampuhan. Siya ang ama ng guro na si Jolita Tolino na iligal na inaresto noong Pebrero.

**Saywar at paniniktik.** Nagpakalat ng pekeng impormasyon ang National Intelligence Coordinating Agency noong Hulyo 31 para isabotahe ang isinasagawang International Fact Finding and Solidarity Mission sa Mindanao. Sa isang *text* na ipinakalat sa midya, nag-anunsyo ng pekeng mga aktibidad ang NICA upang ilihis ang suporta para sa mga bakwit.

Bago nito, nakatanggap ang isang bakwit sa Cagayan de Oro City ng mga *text* mula sa nagpakilalang ahente sa paniktik. Iniulat din ng mga istap ng Karapatan-Northern Mindanao ang pagbuntot sa kanila noong Hulyo 27 ng pinaniniwalaang mga ahente sa paniktik.

**Militarisasyon.** Sa Lianga, tumanggi ang 75th IB sa pamumuno ni Lt. Col. Jaime Datuin na pumirma sa kasunduang nagbabawal sa kanila na magtayo ng kampo sa Barangay Diatagon. Ang kasunduan ay resulta ng dayalogo sa pagitan ng prubinsya ng Surigao del Sur, ng pulis at mga Lumad. Noong Hulyo 30, nilisan ng mahigit 1,600 bakwit na Manobo ang *gym* ng Diatagon patungong Tandag City dahil sa patuloy na pagbabanta ng 75th IB at kawalang-aksyon ng lokal na gubyerno para ipatigil ang ipinataw ng mga sundalo na blokeyo sa pagkain.

Sa Tuburan, Cebu, okupado rin ng mga sundalo ng 302nd Brigade ang mga barangay ng Kabangkalan, Amatuga, Mag-atubang at Gimama-a. Pinagbintangan ng mga sundalo na mga tagasuporta ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) ang mga residente.

Sa Mt. Province, okupado ng 81st IB ang mga barangay ng Dandanac at Tamboan. Kinampuhan ng mga sundalo ang mga bahay ng mga residente, ang *dap-ay* ng mga katutubo at ang lokal na paaralan. Pinagbabawalan ng mga sundalo ang mga residente na mag-ani sa kanilang mga sakahan.

Noong Hulyo 27, pinalibutan ng 1st IB at 730th PAF Combat Group ang kabahayan sa Barangay Laiya Aplaya, San Juan, Batangas. Pumwesto ang mga sundalo sa tapat ng kampuhan ng mga magsasaka at sinira ang bakod nito. Ito ay matapos lumaban ang mga residente sa demolisyon ng kanilang mga bahay na isinagawa ng mga tauhan ni Federico Campos III noong Hulyo 23.

**Iligal na pag-aresto.** Iligal na inaresto ng 81st IB ang magkapatid na sina Edmond, 49, at Saturnino Lazon, 40, noong Hulyo 21 sa Barangay Dandanac, Besao, Mt. Province. Nasa kanilang taniman sa Sityo Ambaguio ang magkapatid

nang dumating ang sampung sundalo sa pamumuno ni 1st Lt. Jade Lyzterdan Padinas Gavino. Pinagbintangan silang mga kasapi ng BHB at pinagbantaang papatayin kung hindi magbibigay ng impormasyon hinggil sa BHB. Dinala sila sa PNP Besao at sinampahan ng gawa-gawang kaso ng pagpatay kaugnay ng naganap na ambus ng BHB sa 81st IB noong Hulyo 14-15.

Sa Sta. Cruz, Manila, dinakip ng mga di nakaunipormeng pulis noong gabi ng Agosto 3 si Francis Laura, myembro ng Panday Sining, sa kampanyang "kontra-tambay" ni Duterte.

**Pang-aagaw ng lupa.** Noong Hulyo 30, pinagbawalan ng Bases Conversion and Development Authority at kumpanyang Aqua Planet ang mga Aeta na dumaan sa kanilang lupang ninuno sa Sityo Haduan, Mabalacat City, Pampanga. Pinalilikas rin sa loob ng pitong araw ang mga magsasaka't katutubo ng Barangay Arenguren para sa pagtatayo ng New Clark City.

**Pamamaril.** Noong Hulyo 20 sa EB Magalona, Negros Occidental, tinangkang patayin ng armadong mga lalaki si Nelson "Tay Pito" Sadsad, pangulo ng Hacienda Margarita Farmers Association-National Federation of Sugar Workers. Hindi siya inabutan sa kanyang bahay kung kaya pinagbalingan at pinagbabaril ng mga salarin ang alagang kalabaw at aso.

Pinaputukan noong Hulyo 28 ang dyip na lulan ang 23-kataong tim na mag-iimbestiga sa mga ulat ng pagdukot at iba pang paglabag sa karapatang-tao sa Barangay Montes Callagan, Atimonan, Quezon. Noong Agosto 2 sa Barangay Poblacion, Padre Burgos ng parehong prubinsya, tinutukan ni Police Chief Inspector Rizaldy Merene ng baril at pinagbantaang papatayin si Jake Castro, isang myembro ng *fact-finding team* ng Karapatan. AB

## Pagtatayo ng malaking dam sa Ilocos, tinutulan

NOONG HULYO, TATLONG beses na nagprotesta ang mamamayan ng Ilocos Sur para labanan ang planong pagtatayo ng proyektong dam na Gen. Gregorio del Pilar Impounding Project sa Buaya River. Sasaklawin ng naturang dam ang 5,000 ektaryang lupa sa mga bayan ng Salcedo at Gregorio del Pilar, Galimuyod, Sta. Lucia, Sta. Cruz at ilang bahagi ng Candon.

Kabilang sa mga tinututulan ng mga residente at lokal na upisyal ng Salcedo ang dislokasyon ng isang barangay at dalawang sityo, posibleng pagbaha sa iba pang barangay at paglubog ng mga kalsada kapag itinuloy ang konstruksyon ng dam. Nababahala rin sila sa iminumungkahing relokasyon at pagkawala ng kanilang kabuhayan. Naninindigan sila, kabilang ang meyor ng Salcedo, na hinding-hindi sila papayag na itayo ang dam.

Tinutulan na nila ang pagtatayo nito noon pang 2014 nang nagsagawa ng konsultasyon ang National Irrigation Agency sa lugar. Ipinalabas ng ahensya na itinatayo ang dam para sa irigasyon ng kalapit na mga sakahan pero hindi ito hiningi o tinatanggap ng mga residente. Binatikos nila ang pagtutuloy sa proyekto nang walang pahintulot mula sa mga katutubong Bago, Kankanaey at Itneg na nasa lugar.

### Pinsala ng mga megadam

Sa buong mundo, may 50,000 dam na itinayo para lumikha ng elektrisidad. Pinalalabas na ang mga ito ay para din sa irigasyon, pagkontrol sa baha at transportasyon. Nagresulta ang mga ito sa pagbaha ng daanlibong ektaryang latian, kagubatan at sakahan. Sa ulat ng mga internasyunal na organisasyong kontra sa malalaking dam, umaabot sa 80 milyong mamamayan ang napalalayas sa kanilang ng komunidad dulot ng mga dam. Marami ring klase ng hayop ang nauubos dahil nawawalan sila ng natural na tirahan.

Kung pagsasamahin, umaabot sa $2 trilyon ang gastos para sa pagtatayo ng malalaking dam. Mas mataas nang abereyds na 56% ang gastos sa konstruksyon ng malalaking dam kung ikukumpara sa tantyang gagastusin ng nagtatayo nito. Mayorya sa mga dam ay pampublikong imprastruktura at sa gayon ay binabalikat ng mamamayan ang gastos na karaniwa'y inuutang sa mga intenasyunal na institusyong pampinansya.

Nagdudulot ng malalaking problema ang pagtatayo ng mga dambuhalang dam. Liban sa sinisira nito ang kalikasan at napapalayas ang mamamayan, hindi nito epektibong nagagawa ang mga ipinapangakong benepisyo. Nito lamang Hulyo 27, gumuho ang megadam sa Attapeu, sa katimugang bahagi ng bansang Laos. Sa halip na kontrolin ang baha, ito pa ang naging sanhi ng malaking pagbaha. Umaabot sa 31 ang napatay, daan-daan ang nawawala at 6,600 residente ang nawalan ng mga tirahan. Sinimulan noong 2015 ang konstruksyon ng gumuhong Xepian-Xe Nam Noy *hydropower* dam na nakatakdang matapos sa 2019. Itinatayo ang naturang dam sa kahabaan ng Mekong River na para lumikha ng kuryente na ibebenta ng Laos sa katabing bansang Thailand.

Lubhang pinalalaki naman ang benepisyo ng dambuhalang mga dam sa irigasyon. Sa mga pagaaral, makikitang karamihan sa sistema ng irigasyon mula sa malalaking dam ay hindi maayos na napapangasiwaan, madalas masira at di gumagana. Dahil dito, nasasayang ang malaking bahagi ng tubig na dapat napupunta sa mga sakahan. Gayundin, kinakain ng mga kanal at dike nito ang mayayamang lupang agrikultural. Karamihan sa mga sistemang irigasyon mula sa malalaking dam ay para sa produksyon ng mga komersyal na pananim at napakamahal. Sa gayon, hindi ito napapakinabangan ng maliliit na magsasaka. AB